Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG DI-KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-14 NG MARSO, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 53-2020

ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA MAGALANG NA HUMIHILING SA MABUNYING PUNONG LUNGSOD, KGG. GILBERT T. GATCHALIAN SA PAMAMAGITAN NG CITY HEALTH OFFICE AT SA 51 SANGGUNIANG BARANGAY, SAKOP NG LUNGSOD NG MALOLOS NA MAGSAGAWA NG ONE MONTH DISINFECTION DRIVE HANGGANG TULUYANG MALABANAN ANG PAGKALAT NG COVID-19 AT BILANG PAGPIGIL AT PAG-IWAS SA LOCAL TRANSMISSION NITO.

PANGUNAHING MAY AKDA SI: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA,
KAMAY-AKDA: KGG. NOEL G. PINEDA. KGG. FRANCSICO J. CASTRO, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. ENRICO C. CAPULE, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ

**SAPAGKAT,** itinatadhana ng Section 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Lungsod ang pagsusulong sa kagalingang panlahat partikular ang pagtataguyod ng kalusugan ng mga mamamayan;

**SAPAGKAT,** itinatadhana ng Section 458(iv) ng nabanggit na batas na tungkulin ng Sangguniang Panlungsod na magpapasa ng mga kapasyahan na mangangalaga at magbigay proteksyon sa mga mamamayan sa anumang sakuna o hindi magandang resulta nito;

**SAPAGKAT,** ang *"CORONAVIRUS DISEASE 2019 (COVID-19)"* na dating kilala bilang 2019-nCoV, na isang *Acute Respiratory Disease*, ay isang nakakahawang sakit;

**SAPAGKAT,** sa kasalukuyang datos ng Department of Health ay umakyat na sa bilang na animnapu't apat (64) ang kaso ng COVID-19 sa bansa at naitalang walo (8) na ang namamatay;

**SAPAGKAT,** layunin ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos na matiyak ang patuloy na pagkakaroon ng *supply* ng mga pangunahing pangangailangan at mapigil ang mga mapagsamantala sa kahirapan dahil COVID-19;

**SAPAGKAT,** sa ipinalabas na kalatas ng Kagawaran ng Kalusugan ay minamandato ang pagsasagawa ng DISINFECTION sa lahat ng pampublikong lugar sa bawat teritoryong hurisdiksyunal ng Local Government Units (LGU);

**SAPAGKAT,** nagkasagawa na ng paunang disinfection ang Pamahalaang Panlungsod sa 51 Barangay sa pangunguna ng City Disaster Risk Reduction and Management Team (CDRRM) at ng Tanggapan ng Kalusugan;

**SAPAGKAT,** mas magiging episyente ang pagpigil sa local transmission ng COVID-19 kung tuluy-tuloy ang pagdisinfect sa mga pampublikong lugar.

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI | KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI | KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI | KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI | KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

Sa pamamagitan ng kahilingan ni Kgg. Nino Carlo C. Bautista na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na magalang na hilingin sa mabunying Punong Lungsod, Kgg. Gilbert T. Gatchalian sa pamamagitan ng City Health Office at sa 51 Sangguniang Barangay, sakop ng Lungsod ng Malolos na magsagawa ng one month disinfection drive hanggang tuluyang malabanan ang pagkalat ng COVID-19 at bilang pagpigil at pag-iwas sa local transmission nito.

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI – ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI – SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD – Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*03162020